Estado ng California—Ahensiya ng Serbisyong Pangkalusugan at Pangkatauhan

# Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California

**TOMÁS J. ARAGÓN, M.D., Dr.P.H.**
**Direktor & Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan**

**GAVIN NEWSOM**
*Gobernador*

Oktubre 4, 2022

**PARA SA:**
Lahat ng mga taga-California

**PAKSA:**
Mga Pagbabago sa Mandatoryong Pag-ulat ng Covid-19 na mga Resulta ng mga Tagapagkaloob ng Pangangalaga sa Kalusugan

**Mga Pagbabago hanggang Oktubre 4, 2022:**

- Nabago base sa pinakakasalukuyang mga pagbabago ng California Code of Regulations kasama ang pinakabagong kodigo ng pagsangguni.

## *Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ng Oktibre 4, 2022*

Ang mga Health care providers (HCP) ay kinakailangan na mag-ulat ng mga kaso ng Coronavirus na sakit 2019 (COVID-19) [1] alinsuniod sa mga probisyon sa titulo 17, California Code of Regulations seksyon 2500 (samakatuwid, lahat ng mga pagsangguni sa seksyon ay sa titulo 17 ng California Code of Regulations). Ang pag-uulat ng HCP ay kinakailangn sa ilalim ng seksyon 2500, na nagsasabi na ang HCP ay kailangan na mag-ulat ng kumpirmadong o hinihinlaan na mga kaso sa loob ng isang araw ng pagtratrabaho. (Cal. Code Regs., tit. 17, § 2500, subd. (b), (j).)

Ang pag-uulat ng HCP ay karamihan hindi awtomatiko at kinakailangan ng mawal na proseso na mas nakakakonsumo ng oras. Sa konteksto ng malaking bilang ng kaso ng COVID-19 [2] na kasalukuyang naitukoy, ang pag-uulat ng HCP ay mas naging mahirap. Sa yugto nitong pandemiko, ang pag-uulat sa lhatt ng mga kaso ng HCP ay hindi na maaaring gawin dahil sa dami.

Habang ang CDPH ay kasalukuynag dumedepende sa pangunahing pag-ulat ng laboratoryo para sa pagtukoy at pagsubaybay ng mga kaso ng COVID-19, ang paglimita ng pag-uulat ng HCP sa malubhang mga kaso, tulad ng ospitalisasyon at kamatayan, ay nagpapakita ng pagbabago sa prayoridad para sa COVID-19 na pagsubabay. Kung magaganap ang sitwayon na ang California Department of Public Health at/o lokal na kahilingan ng opisyal ng kalusugan ng impormasyon ng COVID-19 mula sa isang HCP, ang impormasyon na ito ay maaaring magamit alinsunod sa seksyon

2500. Ngunit, ang HCP na nagsasagawa ng punto ng pangangalaga ng pagssusuri sa COVID-19 ay kinokonsidera ng mga laboratoryo, at kinakailangan na maiulat sa lahat ng mga resulta ng pagsusuri ng COVID-19, kapareho sa kinakailangan ng pag-uulat ng laboratoryo.

Ang CDP ay may awtoridad sa ilalim ng Health and Safety Code na magsagawa ng mga aksyon upang pamahalaan ang tugon sa COVID-19 na pandemiko at maiwasan ang pagkalat ng nakakahawang sakit.

**Ako, bilang Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan ng Estado ng California ay nag-uutos:**

1. California Code of Regulations, titulo 17, seksyon 2500(b) at 2500(j) ay pansamantalang nabago upang maiwasan ang pangangailangan sa tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan na mag-ulat ng mga kaso ng COVID-19, maliban sa sumusunod:
    a. Sa loob ng isang araw ng pagtratrabaho ng pagtuloy ng ospitalisasyon at/o kamatayan ng pasyente dahil sa COVID-19, ang tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan ay mag-uulat ng impormasyon na ito.
    b. Ang pag-ulat ng ospitalisasyon at kamatayan sa tagapagkaloob ng pangangalaga ng kalusugan ng subparagraph a. ay dagdag sa lingguhang pag-ulat ng naospital na mga kaso ng COVID-19 ng ospital na kinailangan sa ilaim ng AFL 21-25.[3]
    c. Ang mga tagapapagakloob ng pangangalaga sa kalusugan na nagsasagawa ng punto ng pangangalaga sa pagsusuri ay kailangan na mag-ulat ng mga resulta alinsunod sa mga pangangailangana para sa mga laboratoryo.[4]
2. Ang termino nitong Kautusan ay nangingibabaw sa anumang nagtutunggaling mga termino sa anuman sa kautusan ng California Department of Public Health, mga direktiba o patnubay.
3. Maliban sa ibinibigay ng Kautusan na ito, lahat ng mga termino sa lahat ng aking mga kautusan ay mananatiling epektibo at nalalapat sa buong estado.
4. Ang Kautusan na ito ay epektibo kaagad at mananatiling epektibo hanggat mabawi ito.
5. Ang kautusan na ito ay alinsunod sa Ehekutibong Kautusan N-07-21, talata 3, Health and Safety Code seksyon 120125, 120130, 120140, 120175, at 131080.



Tomás J. Aragón, MD, DrPH
Direktor at Opsiyal ng Pampublikong Pangkalsiugan ng Estado
Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California

[1] Ang COVID-19 ay itinuturing din na "severe acute respiratory syndrome coronavirus 2 (SARS-CoV-2) at "Coronavirus, novel strains" sa loob ng konteskto ng seksyon na nasabi sa regulasyon.

[2] COVID-19.ca.gov Tracking COVID-19 in California web page.

[3] California Department of Public Health AFL 21-25 web page.

[4] “Lahat ng mga laboratoryo—kasama ang mga laboratoryo, lokasyon ng pagapapsuri na namamahala bilang pansamantalang overflow o remote na lokayon ng laboratoryo, at ibang mga pasilidad o lokasyon na nagsasagawa ang pagsusuri sa punto ng pangangalaga o na may espesimeng sa tahanan na nakolekta sa SARS-CoV-21—ay mag-uulat ng data para sa lahat ng nakumpletong pagsusuri, para sa bawat inibidwal na nasuri, sa loob ng 24 oras ng mga resulta na nalaman, o napagpasyahan, sa pangaraw-araw na nararapat sa estado o lokal na pampublikong departamento ng kalusugan base sa tinitirahan ng inidbidwal.” *Tugon ng COVID-19 na Pandemiko, Pag-uulat ng data sa Laboratoryo: CARES Act Section 18115* (Enero 8, 2021) hanggang Enero January 24, 2022 (PDF).